Republic of the Philippines
Department of Health
NATIONAL NUTRITION COUNCIL

**PANALANGIN PARA SA BUWAN NG NUTRISYON 2016**

*"First 1000 Days ni baby pahalagahan para sa malusog na kinabukasan!"*

Mahal na Panginoon, kami ngayon ay nagtipon
upang pagtibayin ang aming pangako
para sa ikabubuti ng nutrisyon ng bawa't Pilipino.

Pinupuri ka namin, Panginoon sa bagong pag-asa
na hatid ng pagkakataong mapabuti ang First 1000 Days ng buhay.
Napagtanto namin na ang First 1000 Days ay paraan
para matiyak ang kinabukasan ng bawat bata,
upang makamit ang paglago at pag-unlad ng bawat Pilipino.

Gabayan mo ang aming mga lider para suportahan
ang mga programa sa First 1000 Days.
Kasiyahan mo ang mga magulang para makita nila
na ang bawat bata ay iyong ipinagkaloob upang mahalin at alagaan.

At sa aming lahat Panginoon,
pagpalain Mo kami ng iyong lakas para maisulong
ang First 1000 Days para maiwaksi sa malnutrisyon at gutom
ang aming minamahal na Pilipinas.

Amen.